**Alameda County Health Care Services Agency**
**Public Health Department**
www.acphd.org

Colleen Chawla, Director
Kimi Watkins-Tartt, Director
Nicholas Moss, MD, Health Officer

Public Health Department: Main Line (510) 267-8000

COVID-19 Information: (510) 268-2101

# Paratransit: Sinusuportahan ang Pag-access sa Bakuna

*Ang Paratransit ay isang espesyal na serbisyong pantransportasyon para sa mga taong hindi nakakagamit ng mga karaniwang bus, streetcar, o BART nang mag-isa dahil sa kapansanan o kondisyong nauugnay sa kalusugan (sa ilan o lahat ng pagkakataon). Ang Paratransit ay ipinagkakaloob ng mga sistema ng pampublikong transportasyon bilang bahagi ng mga iniaatas sa Americans with Disabilities Act (ADA, Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan).*

| East Bay Paratransit | |
|---|---|
| Lugar na Pinaglilingkuran: | Alameda · Albany · Berkeley · Castro Valley · El Cerrito · El Sobrante · Emeryville · Fremont · Hayward · Kensington · Milpitas (mga piling lugar) · Newark · Oakland · Piedmont · Pinole (mga piling lugar) · Richmond · San Leandro · San Pablo · Union City |
| Mga Pagpapareserba | Ang mga taong nakarehistro sa East Bay Paratransit ay maaaring magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag sa: 1-800-555-8085. Ang mga karapat-dapat na pasahero ay maaari ring magpareserba nang libre sa site ng Oakland Coliseum pagkatapos magpa-iskedyul para sa appointment para sa bakuna sa MyTurn.<br><br>**Tandaan:** Ang East Bay Paratransit ay maaaring maghatid papunta at mula sa anumang lugar na pagbabakunahan na hindi drive through. |
| Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat: | Alamin kung ikaw ay karapat-dapat sa pamamagitan ng pagbisita sa Pagiging Karapat-dapat para sa East Bay Paratransit.<br><br>**Para Mag-apply**: mag-click dito para mag-download ng kopya ng Aplikasyon at mga Tagubilin ng ADA para sa pagkumpleto ng proseso ng aplikasyon. Pagkatapos mong makumpleto ang aplikasyon, tumawag sa 510-287-5000 o magpadala ng email sa us.eastbaycertification@transdev.com para humiling ng panayam para sa pagiging karapat-dapat.<br><br>**Tandaan**: Mayroong 30-araw na pansamantalang pagiging karapat-dapat para sa mga nahihirapang gumamit ng pampublikong transportasyon at nagnanais na gamitin ang East Bay Paratransit para pumunta at umalis sa lugar na pagbabakunahan. Mangyaring isaisip na ang pansamantalang pagiging karapat-dapat ay maaaring abutin ng 5 araw o higit pa para iproseso. |

| | |
|---|---|
| Paano Sumakay: | Para sa impormasyon tungkol sa pagsakay, tingnan ang East Bay Paratransit Rider Guide (Gabay sa Pasahero ng East Bay Paratransit). |
| Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: | Kailangan ng higit pang impormasyon? Tumawag sa 510-287-5000 |

| Mga Serbisyo ng Easy Does It | |
|---|---|
| **Lugar na Pinaglilingkuran:** | Berkeley · Albany |
| **Mga Pagpapareserba** | Ang Easy Does It ay nagkakaloob ng libre at nasa mababang halagang transportasyon sa mga taong may malulubhang kapansanan sa pangangatawan at matatanda. Naghahandog kami ng mga balikang sakay sa mga appointment para sa bakuna sa Lungsod ng Berkeley at sa Golden Gate Fields sa Albany.<br>Para humiling ng sakay, magpareserba ng appointment para sa bakuna at pagkatapos ay tumawag sa Easy Does It Emergency Services sa (510) 704-2111. |
| **Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat:** | Ang mga residente ng Albany na nasa edad na 60+ at/o may mga kapansanan ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga libreng balikang sakay sa mga appointment para sa bakuna sa Golden Gate Fields.<br>Ang mga residente ng Berkeley na may malulubhang kapansanan sa pangangatawan ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga balikang sakay sa mga lokasyon ng pagbabakuna sa loob at palibot ng Lungsod ng Berkeley. Libre kung may mga Voucher para sa Matatanda at may Kapansanan sa Berkeley, $15 kung wala.  Ang mga hindi kayang magbayad ng $15 para sa balikang pamasahe (at walang voucher) ay maaaring maging kuwalipikado para sa libreng transportasyon.<br>Alamin kung ikaw ay karapat-dapat sa pamamagitan ng pagtawag sa Easy Does It Emergency Services sa (510) 704-2111. |
| **Paano Sumakay:** | Para sa impormasyon tungkol sa paraan ng pagsakay, tawagan ang Easy Does It Emergency Services Dispatch Line (510) 704-2111 o tingnan ang webpage ng Easy Does It sa mga Serbisyo ng Transportasyon. |

| Mga Serbisyo ng Easy Does It | |
|---|---|
| **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:** | Kailangan ng higit pang impormasyon? Tawagan ang Easy Does It Emergency Services Dispatch Line (510) 704-2111. |

| Livermore Amador Valley Transit Authority (LATVA/Wheels) | |
|---|---|
| Lugar na Pinaglilingkuran: | Dublin · Pleasanton · Livermore |
| Mga Pagpapareserba | Ang Livermore Amador Valley Transit Authority ay nagkakaloob ng mga libreng sakay sa mga kasalukuyang serbisyo ng Wheels, Rapid, at Dial-a-Ride papunta at mula sa anumang lugar na pagbabakunahan sa Dublin, Pleasanton, at Livermore. Para magpareserba ng sakay, tumawag sa Dial-a-Ride sa 925-455-7510.<br><br>**Tandaan:** Para makakuha ng libreng sakay, kailangang ipakita ng mga pasahero ang pisikal o digital na kumpirmasyon ng kanilang appointment sa pagbabakuna sa parehong araw kapag sumasakay. Kapag tumatawag para magpareserba, dapat sabihin ng mga sumasakay sa Dial-a-Ride na ang layunin ng kanilang pagsakay ay para sa bakuna para sa COVID-19. |
| Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat: | Alamin kung ikaw ay karapat-dapat sa pamamagitan ng pagbisita sa Pagiging Karapat-dapat sa Dial-A-Ride.<br><br>**Para Mag-apply**: mag-click dito para i-download ang aplikasyon o tumawag sa 925-455-7500 para ipadala sa iyo ang aplikasyon. Sa alternatibong paraan, maaari kang bumisita sa Wheels Administration Office sa 1362 Rutan Drive, Livermore, CA 94550. |
| Paano Sumakay: | Para sa impormasyon sa pagsakay, tingnan ang Tri-Valley Wheels: Paano Sumakay. |
| Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: | Kailangan ng higit pang impormasyon? Tumawag sa 925-455-7555 |

| Pleasanton Paratransit | |
|---|---|
| Lugar na Pinaglilingkuran: | Pleasanton · Dublin (mga piling lugar) · Livermore (mga piling lugar) · San Ramon (mga piling lugar) |
| Mga Pagpapareserba | Ang Pleasanton Paratransit ay nagkakaloob ng mga libreng sakay papunta at mula sa mga lugar ng pagbabakuna para sa COVID-19 para sa mga indibidwal na nakumpleto at nakatanggap ng kumpirmasyon na ang kanilang Rider Profile ay naka-file. Para magpareserba ng sakay, tumawag sa 925-398-1045. |
| Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat: | Alamin kung ikaw ay karapat-dapat sa pamamagitan ng pagbisita sa Pleasanton Riders o pagtawag sa 925-398-1045.<br><br>**Para Mag-apply**: mag-click dito para i-download ang aplikasyon o tumawag sa 925-398-1045 para ipadala sa iyo ang aplikasyon. |
| Paano Sumakay: | Para sa impormasyon sa pagsakay, tingnan ang Pleasanton Rides Rider Guide (Gabay sa Pasahero ng Pleasanton). |
| Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: | Kailangan ng higit pang impormasyon? Tumawag sa 925-398-1045 |

| Union City Paratransit | |
|---|---|
| Lugar na Pinaglilingkuran: | Union City (na may limitadong serbisyo sa Southern Hayward, Northern Fremont, at Newark) |
| Mga Pagpapareserba | Ang Union City Paratransit ay nagkakaloob ng mga libreng sakay papunta at mula sa lugar ng pagbabakuna para sa COVID-19 para sa mga pasaherong sertipikadong karapat-dapat. Para magpareserba ng sakay, tumawag sa 510-476-1500.<br><br>Ang mga pasaherong may kapansanan sa pandinig, tumawag sa California Relay sa 1-800-735-2929 para magpa-iskedyul ng sakay. |
| Pamantayan sa Pagiging Karapat-dapat: | Ang mga pasahero ay dapat maging sertipikado bilang karapat-dapat na gumamit ng Union City Paratransit.<br><br>**Para Mag-apply**: mag-click dito para i-download ang aplikasyon o tumawag sa 510-675-5373 para ipadala sa iyo ang aplikasyon. |

| | |
|---|---|
| Paano Sumakay: | Para sa impormasyon sa pagsakay, tingnan ang Union City Rides Rider Guide (Gabay sa Pasahero ng Union City). |
| Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan: | Kailangan ng higit pang impormasyon? Tumawag sa 925-398-1045 |

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa maa-access na transportasyon, tingnan ang I-access ang Gabay ng Alameda sa mga Serbisyong Pantransportasyon para sa Matatanda at mga Taong may mga Kapansanan sa County ng Alameda.